Maligayang Bati sa Kindergarten!

Ihanda ang iyong anak para sa kindergarten. Siguraduhing up-to-date ang kanyang mga bakuna at na nakompleto niya ang lahat ng mga inirerekomendang health screenings.

Immunizations / Mga Bakuna

Dalawang libreng vaccines ang inirerekomenda para sa mga táong 4-na-taong-gulang at mas matanda.

- **Tdap-IPV** upang magprotekta laban sa diphtheria, tetanus, whooping cough (pertussis), at polio.
- **MMRV** upang magprotekta laban sa measles, beke, rubella, at bulutong-tubig (varicella).

Iiskedyul ang pagbabakuna ng iyong anak sa pamamagitan ng pagtawag sa inyong doktor, pharmacist, o Public Health Unit.

Ireport ang mga immunization sa inyong public health unit.
Tawagan ang inyong health unit o kumpletohin ang online form.

I-scan ang QR code na ito upang i-access ang form, o bisitahin ang fraserhealth.ca/immunizationform

Mga Serbisyo ng Pampublikong Kalusugan/Public Health Services

Maaari mong konsultahin ang isang Public Health nurse sa iyong local Public Health Unit. Kabilang sa mga serbisyo ang sumusunod, ngunit hindi sila natatakda rito:

- Immunizations / Mga Bakuna
- Child health screenings:
- Educational health at safety resources

Mga Malubhang Medikal na Kondisyon at Eskwelahan

Kung maaaring mangailangan ang inyong anak ng emergency health care o mga gamot sa eskwelahan, abisuhan ang eskwelahan at kumpletohin ang isang health plan kasama ng inyong school principal at guro ng inyong anak bawat taon. Maaari ninyo konsultahin ang isang Public Health nurse kung kinakailangan.

School Health Resources

Bisitahin ang aming School Health web resource para sa impormasyon para sa mga estudyanteng 5 hanggang 18 taong-gulang, at iba pang impormasyon para sa mga magulang at tauhan ng eskwelahan. Tingnan ang seksyon tungkol sa pagiging handa para sa kindergarten.

I-scan ang QR code na ito o bisitahin ang fraserhealth.ca/schoolhealth

Catalogue #265966 (May 2023) Tagalog | For more copies: patienteducc.fraserhealth.ca

fraserhealth
Better health. Best in health care.

Dental, Vision and Hearing Screening

- **Dental**
  Sa panahon ng school year ay nag-aalok kami ng libreng dental screening sa ilang mga estudyante sa kindergarten. Ginagawa namin ito upang hanapin at tulungan ang mga batang may mga problema sa ngipin. Ang screening na ito ay hindi kapalit ng pagpapatingin sa isang dentista.
- **Vision**
  Hinihikayat namin ang lahat ng mga magulang/guardians na gumawa ng appointment upang bisitahin ang kanilang local optometrists para sa taunang eye exam ng kanilang anak. Ito'y libre.

  Sa B.C., ang basic eye exams ay libre isang beses bawat taon hanggang 18-taong-gulang.
- **Pandinig**
  Ang mahusay na pandinig ay mahalaga para sa speech at language development at ito'y mahalaga para sa social at emotional growth ng isang bata.

  Ang community audiologists ay nagbibigay ng hearing services para sa mga bata mula kapanganakan hanggang 19-taong-gulang.

  Para sa mga batang may mga problema sa pandinig, maaaring dalhin ng isang magulang/guardian o isang health o education ang bata sa local public health audiology clinic.

Ang ilang mga bata ay maaaring mag-qualify para sa libreng basic dental, eyeglasses, at hearing coverage mula sa BC Healthy Kids Program.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1-866-866-0800, i-scan ang QR code na ito, o kaya'y bisitahin ang gov.bc.ca at hanapin ang "Basic dental, eyeglasses, at hearing care".

Ang ilang mga pamilya ay maaaring mag-qualify para sa pinansyal na suporta para sa dental care mula sa Canada Dental Benefit.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1-800-715-8836, i-scan ang QR code na ito, o mag-search online para sa Canada Dental Benefits.

Fraser Health Virtual Care

May alalahanin ka ba sa kalusugan? Tawagan ang Fraser Health Virtual Care sa 1-800-314-0999 upang kausapin ang isang registered nurse, 10:00 a.m. hanggang 10:00 p.m., 7 araw bawat linggo.

Pagkatapos ng mga oras ng trabaho, tawagan ang HealthLinkBC sa 8-1-1 o kaya'y bisitahin ang healthlinkbc.ca upang makakuha ng pangkalahatang impormasyon sa kalusugan at payô mula sa isang nurse, dietitian, pharmacist, o exercise professional.

I-scan ang QR code na ito para sa HealthLinkBC.

Public Health Units

Abbotsford 604-864-3400	**Agassiz** 604-793-7160
Burnaby 604-918-7605	**Chilliwack** 604-702-4900
Cloverdale, Surrey 604-575-5100	**Guildford, Surrey** 604-587-4750
Hope 604-860-7630	**Langley** 604-539-2900
Maple Ridge 604-476-7000	**Mission** 604-814-5500
New Westminster 604-777-6740	**Tri-Cities, Port Moody** 604-949-7200
Newton, Surrey 604-592-2000	**North Delta** 604-507-5400
North Surrey 604-587-7900	**South Delta** 604-952-3550
White Rock 604-542-4000	